


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pananaw at Paniniwala ng mga Sultanato sa Pagpanatili ng Kalayaan



Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pananaw at Paniniwala ng mga Sultanato sa
Pagpanatili ng Kalayaan
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Loida Ladres-Castaños, Marlon D. Lopez, Jennifer R. Paule, Dinah M. Sumacot, Luzminda G. Zamora
Editor:	Jaime Leon T. Cardona, Salvador A. Artigo, Elizabeth M. Deligero
Tagasuri:	Ma. Morena A. Bendulo, Emmanuel A. Gerardo, Evangeline A. Gorduiz
Tagaguhit:	Leonila Rhea R. Tolibas
Tagalapat:	Nadir M. Beringuel, Melanie Mae N. Moreno
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma Bebiano I. Sentillas Rosemarie M. Guino Joy B. Bihag Ryan R. Tiu Nova P. Jorge Pedro T. Escobarte Jr. Joel A. Zartiga Liza L. Demeterio Eduardo E. Legantin Emmanuel A. Gerardo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Regional No. VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 2:

Pananaw at Paniniwala ng mga

Sultanato sa Pagpanatili ng

Kalayaan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Noon pa man sa ating kasaysayan, batid na natin ang katapangan at paninindigan ng mga kapatid nating Muslim. Sa mahabang panahon na lumipas napantili nila ang kanilang paniniwala at kultura sa kabila ng mahabang panahon na pananakop ng mga Espanyol. Ang masidhing pagyakap at pagtupad ng mga Muslim sa Islam ang dahilan upang hindi matinag ng mga Espanyol ang relihiyong Islam sa kabila ng masidhing pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyanismo sa buong kapuluan.

Sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Naipapaliwanag ang pananaw at paniniwala ng mga sultanato (Katutubong Muslim) sa pagpapanatili ng kanilang kalayaan; at
- Napapahalagahan ang pananaw at paniniwala ng mga sultanato (Katutubong Muslim) na ang pagkakaisa ay tungo sa malayang bansa.



Subukin

A. Panuto: Punan ang nawawalang titik sa kahon upang makabuo ng makabuluhang salita. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

1.)

S	U	L		A	N			O
---	---	---	--	---	---	--	--	---

Pamahalaan ng Muslim

2.)

M	U			I	M
---	---	--	--	---	---

Mga taong sumusunod sa kalooban ni Allah

3.)

E	S				Y	O	L
---	---	--	--	--	---	---	---

Dayuhan mula sa Europa na unang sumasakop sa Pilipinas

4.)

M	I	N				A	O
---	---	---	--	--	--	---	---

Lugar na maraming Muslim ang naninirahan

5.)

K	A			P	A			A	N
---	---	--	--	---	---	--	--	---	---

Katangian ng mga sa Muslim na kinakatakutan ng mga Espanyol

B. Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pananaw at paniniwala ng mga Muslim at (✗) kung hindi. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

_____ 6. Malaki ang pagpapahalaga ng mga Muslim sa kalayaan.

_____ 7. Maaaring makipagsundo ang mga Muslim.

_____ 8. Ang pagsakop sa kanilang teritoryo ay maaaring mangahulugan ng malaking digmaan hanggang kamatayan.

_____ 9. Tinalikuran nila ang kanilang relihiyon at tinanggap ang relihiyong Katoliko.

_____ 10. Ang pakikipaglaban ay nagpapakita ng kanilang pagtatanggol sa kanilang kinagisnang relihiyon.

Aralin

1

Pananaw at Paniniwala ng mga Sultanato sa Pagpanatili ng Kalayaan

Tulad ng naganap sa Cordillera sa hilagang Luzon, naging maigting din ang pagpapadala ng mga Espanyol ng mga ekspedisyong militar sa Mindanao upang tuluyan na itong mapasailalim sa kanila. Ilang digmaan ang sumiklab sa pagitan ng Espanyol at mga Muslim, sapagkat mahalaga sa mga Muslim na mapanatili ang kanilang kalayaan, lalo na sa aspekto ng relihiyon. Para sa kanila, ang Islam ay hindi lamang isang relihiyon kung hindi isa ring paraan ng pamumuhay.



Balikan

Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa reporma sa ekonomiya at pagkatatag ng monopolyo sa tabako. Isulat ang tamang bilang ng tamang sagot sa sagutang papel.

- 1** Pagbabayad ng mga Pilipino sa tamang buwis
- 2** Pagbibigay ng tamang kabayaran sa serbisyo ng mga Pilipino
- 3** Pangongolekta ng mga Pilipino ng kabayaran nang sobra-sobra
- 4** Pagbibigay ng tamang sahod sa mga manggagawang Pilipino
- 5** Pandaraya ng mga Espanyol sa mga Pilipino



Mga Tala para sa Guro

Ang modyul na ito ay para sa ating mga mag-aaral na higit na nangangailangan ng tulong upang mas lalong maintindihan ang mga aralin sa panahong hindi sila nakadalo sa talakayan. Patnubay ng guro ay lubos na kailangan upang maihatid ang dunong na kinakailangan ng bawat mag-aaral upang maitawid ang pansariling kaunlaran at maging kapaki-pakinabang sa pamayanan.

Ang susunod na gawain ay taglay ang iba't ibang kasanayan at bagong kaalaman upang matulungan ang ating mga mag-aaral na mapaunlad ang sarili at maipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan ng ating bansa.

Hayaan ang mag-aaral na gawin ang iba't ibang kasanayan na walang pagkaantala. Ipagawa ang mga gawain nang malaya, subalit ang mabisang pagdaloy ay kailangan.



Tuklasin



Alam mo ba na sa panahon nga pananakop ng mga Espanyol sa Mindanao, inilunsad ng mga Muslim ang kauna-unahang **Jihad** o banal na digmaan laban sa mga Espanyol upang ipagtanggol ang kanilang relihiyon at paraan ng pamumuhay?

Ano ang naging tugon ng mga Muslim sa Mindanao sa tangkang pananakop sa kanila ng mga Espanyol? Ano kaya ang mga hakbang na ginawa ng mga katutubong Muslim upang maipagtanggol ang kanilang nasasakupan?



Suriin

Pananaw at Paniniwala ng mga Muslim sa Pagpanatili ng Kalayaan

Ang mga katutubong Muslim ay nanirahan nang mahabang panahon sa pulo ng Mindanao, at sa karatig na mga pulo gaya ng Sulu, Tawi-Tawi, at Basilan. Nabibilang sa mga katutubong Muslim ay ang mga Maranao sa Lanao; Maguindanao sa Cotabato; mga Tausug sa Jolo; ang mga Yakan sa Basilan; ang mga Samal sa Sibutu at Sulu; ang mga Jama Mapun sa Cagayan, relihiyong Islam ay lumaganap sa mga lugar na ito. Noong dumating ang mga Espanyol sa bahaging ito ng kapuluan dala ang hangaring de Sulu; ang mga Palawanon sa Palawan; at mga Siasi sa Tawi-Tawi. Ang maipalaganap ang Kristiyanismo ay hindi naging madali ang pagpasok sa teritoryo ng mga Muslim.

Matatag ang pananalig ng mga Pilipinong Muslim sa kanilang pananampalatayang Islam. Hindi lamang nila itinuring na relihiyon ang Islam kundi ito rin ang paraan ng kanilang pamumuhay. Ilan pa sa mga pananaw ng mga katutubong Muslim:

1. Malaki ang pagpapahalaga ng mga katutubong Muslim sa kanilang kalayaan.
2. Handa nilang ipaglaban ang kanilang teritoryo sa kahit anumang kahinatnan ng labanan.
3. Hindi nila gusto na sumailalim sa kapangyarihan ng dayuhan.
4. Mataas ang pagpapahalaga ng mga Pilipinong Muslim sa kanilang pinuno, na tinatawag nilang *datu* o *sultan*, gayundin sa kanilang pamahalaan, ang pamahalaang Sultanato.

Alam ba ninyo na noong panahon ng Espanyol ang mga Muslim ay tinawag na “Moro” sa kadahilanang noong unang panahon ay mayroong isang pangkat ng mga mamamayan sa hilagang kanluran ng Africa na sumalakay sa Espanya. Ang pangkat na ito ay kilala sa tawag na “Moor” kung kaya, tinawag ng mga Espanyol ang mga Pilipinong Muslim na “Moro” buhat sa salitang “Moor”.

Sumidhi ang alitang Espanyol at Muslim sapagkat ayaw ng mga Muslim na magpasakop sa mga dayuhan. Nais ng mga Muslim na maglingkod lamang sa pamumuno ng kanilang kalahi. Dahil dito pinatunayan ng mga Muslim ang kanilang paninindigan. Hinadlangan nila ang pagsakop ng mga Espanyol. Lumaban sila sa lahat ng pagkakataon anuman ang kanilang kahinatnan sa labanan. Gayon ang kanilang ginawa kung kaya hindi nasakop at di nalupig ng mga Espanyol ang mga Pilipinong Muslim.



Pagyamanin

Panuto: Basahin at piliin ang tamang sagot. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

- _____1.) Ano ang dahilan ng Digmaang Muslim o Moro Wars?
- A.) Gusto ng mga Espanyol na sakupin ang teritoryo ng mga Muslim.
 - B.) Kinilala ng mga Muslim ang kapangyarihan ng mga Espanyol.
 - C.) Gustong makuha ng mga Muslim ang mga makabagong armas ng mga Espanyol.
- _____2.) Anong katangian ang ipinamalas ng mga Pilipinong Muslim na nakipaglaban sa mga Espanyol?
- A.) Kasipagan
 - B.) Katapangan
 - C.) Katalinuhan

- _____3.) Bakit hindi tuluyang nasakop ng Espanyol ang kabuuan ng Mindanao?
- A.) Malawak ang lugar na ito.
 - B.) Walang sasakyan ang mga Espanyol patungo dito.
 - C.) Nagkakaisa ang mga Muslim para kalabanin ang mga Espanyol.
- _____4.) Ano ang pinahalagahan ng mga Muslim kaya hindi nagtagumpay ang panakop sa kanila?
- A.) Kristiyanismo
 - B.) Kalayaan
 - C.) Kapangyarihan ng dayuhan
- _____5.) Bakit nabigo ang mga Espanyol sa pagsalakay nila sa kuta ng mga katutubong Muslim?
- A.) Dahil pinapaulanan sila ng mga bala ng baril.
 - B.) Dahil pinapaligiran sila ng mga malalaking bato.
 - C.) Dahil sinasalubong sila ng mga kawayang palaso na may lason.



Isaisip

Likas sa mga Pilipinong Muslim ang pagiging matapang at mapagmahal sa kalayaan. Ang katangiang ito ang naging susi upang hindi masakop ng mga Espanyol ang mga teritoryong pinamumunuan ng mga Pilipinong Muslim. Ang matibay na paninindigan at pagmamahal sa kalayaan ay hindi nagapi ng mga Espanyol.



Isagawa

Panuto: Isulat sa loob ng bilog ang mga pananaw ng mga Pilipinong Muslim hinggil sa pananakop ng mga Espanyol. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

PANANAW NG
MGA PILIPINONG
MUSLIM



Tayahin

- A. Basahin at piliin ang tamang sagot sa loob ng panaklong. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1.) _____ ang tawag ng mga Espanyol sa mga Muslim na hango sa isang pangkat sa hilagang kanluran ng Africa na sumalakay sa Espanya.

(A. Moro B. Moors C. Maron)

2.) Nahihirapang pasukin ng mga Espanyol ang kuta ng mga _____ dahil sa kanilang pagkakaisa.

(A. Amerikano B. Muslim C. Koreano)

3.) Dahil mayroong mahuhusay na panday ang mga muslim sila'y nakagagawa ng _____ na kinatatakutan ng mga Espanyol.

(A. armalite B. katutubong kanyon C. bomba)

4.) Isa sa mga katangian ng mga Muslim na hindi sila natinag ng mga Espanyol ay ang _____.

(A. pagkaseloso B. mapagbigay C. pagkamatapang)

5.) Bakit pinayaagan ng mga Espanyol na magkaroon ng kalayaan ang mga Muslim?

A. Masunurin ang mga ito

B. Mayayaman ang mga ito

C. Hindi nila masupil ang mga ito

B. Panuto: Sumulat ng isang salaysay tungkol sa isang pangyayari na may kaugnayan sa Digmaang Moro. Gawin ito sa sagutang papel.

Pamantayan

	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Paghusayan Pa (3)
<p>Nilalaman</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsunod sa uri ng hininhingi • Lawak at lalim ng pagtatalakay 			
<p>Balirala</p> <ul style="list-style-type: none"> • Wastong gamit ng salita, baybay, bantas, at estruktura ng mga pangungusap 			
<p>Hikayat</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paraan ng pagtatalakay sa paksa • Lohikal ng pagkakaayos • Pagkakaugnay ng mga ideya 			



Karagdagang Gawain

Panuto: Lagyan ng ☆ sa gilid ng sitwasyon kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapanatili ng kalayaan at ✕ naman kung hindi. Isulat sa papel ang iyong sagot.

- _____ 1.)

Nirerespeto ng mga mamamayan pananampalataya ng iba.
- _____ 2.)

Nagkakaisa ang mga Muslim at Kristiyanos na labanan ang COVID19 na lumalaganap sa buong mundo sa pamamagitan ng pagsunod sa tugon ng kagawaran ng kalusugan.
- _____ 3.)

Nagkaroon ng alitan ang Muslim at Kristiyano.
- _____ 4.)

Mga Muslim at Kristiyano ay nagtulungtungan para sa ikauunlad ng bayan.
- _____ 5.)

Nagkakaisa ang mga Muslim para pigilan ang pagpasok ng mga dayuhan sa Mindanao.



Susi sa Pagwawasto

- 5. ☆
- 4. ☆
- 3. ✕
- 2. ☆
- 1. ☆

Karagdagang Gawain:

B . Answers may vary

- 5. C
- 4. C
- 3. B
- 2. B
- 1. B

A.

Tayahin:

Panaw ng mga Pilipinong Muslim:
 1. Malaki ang pagpapalaga ng mga Pilipinong Muslim sa kanilang kalayaan.
 2. Handa nilang ipaglaban ang kanilang teritoryo sa kahit anumang kahinatnan ng labanan.
 3. Hindi nila gusto na sumailalim sa kapangyarihan ng dayuhan.
 4. Mataas ang pagpapalaga ng mga Pilipinong Muslim sa kanilang "pinuno" datu o sultan gayundin sa kanilang pamahalaan, ang pamahalaang Sultanato.

Isagawa (in any order)

- 5. C
- 4. B
- 3. C
- 2. B
- 1. A

Pagymanin:

- 1
- 2
- 4

Balikan:

- 10. ✓
- 9. ✕
- 8. ✓
- 7. ✓
- 6. ✓
- 5. KATAPANGAN
- 4. MINDANAO
- 3. ESPANYOL
- 2. MUSLIM
- 1. SULTANATO

Subkin

Sanggunian

Capiña, Esteleta B., Barrientos, Gloria P., *Pilipiners: Bansang Malaya 5*, SD Publications, Inc., 2000.

Paluay, Alvenia P., *Makabayan Kasaysayan, Pilipino 5*, LG and M, 2006.

San Pedro–Guerra, Restituta, Cataño, Paulina M., *Ang Bayan kong Mahal 5*, Abiva Publishing House Inc., 1999.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph